Pag-aari ng Pamahalaan
HINDI IPINAGBIBILI

4

# Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan

## Quarter 1 - Modyul 9

## Week 5:Plano sa Tuloy-tuloy na Pagpapatubo ng Halamang Ornamental (Agrikultura)



Kagawaran ng Edukasyon • Republika ng Pilipinas

Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan – Grade 4
Alternative Delivery Mode
Quarter 1 - Modyul 9: Plano sa Tuloy-Tuloy na Pagpapatubo ng Halamang Ornamental
Unang Limbag, 2020

**Paunawa hinggil sa karapatang – sipi.** Isinasaad ng Seksyong 176 ng Batas ng Pambansa Bilang 8293: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-isip sa ano mang akda ng Pamahalaan ng Pilipinas. Gayon pa man, kailangan muna ang pahintulot ng pamahalaan o tanggapan kung saan ginawa ang isang akda upang magamit sa pagkakakitaan ang nasabing akda. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang patawan ng bayad na *royalty* bilang kondisyon.

Ang mga akda / materyales (mga kwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand names*, tatak o *trademarks*, atbp.) na ginamit sa aklat na ito ay sa nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsikapang mahanap at mahingi ang pahintulot ng mga may karapatang-ari upang magamit ang mga akdang ito. Hindi inaangkin ni kinakatawan ng mga tagapaglathala *(publishers)* at may-akda ang karapatang-aring iyon.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon – Division of Valencia City
Schools Division Superintendent: Rebonfamil R. Baguio

**Development Team of the Module**

| | |
|---|---|
| **Authors:** | Princes Grace V. Torda |
| **Editor:** | Ronald I. Flores, HT-1 |
| **Reviewers:** | Fortunato R. Ocaya, Jr. – EPS, MTB-MLE<br>Sarah Jane A. Valdez, EPS, EPP/TLE/TVL |
| **Illustrator:** | Juniver Kris B. Jimeno |
| **Layout Artists:** | John Rimmon I. Taquiso<br>Israel C. Adrigado |
| **Management Team:** | |
| Chairperson: | Rebonfamil R. Baguio<br>*Schools Division Superintendent* |
| Co-Chairperson: | Eugene I. Macahis, Jr.<br>Asst. Schools Division Superintendent |
| Members: | Jayvy C. Vegafria, CID Chief ES<br>Sarah Jane A. Valdez, EPS – EPP/TLE/TVL<br>Analisa C. Unabia, EPS – LRMS<br>Zaldy G. Ampong, PSDS<br>Joan Sirica V. Camposo, Librarian II<br>Israel C. Adrigado, PDO II |

Inilimbag sa Pilipinas ng:
Department of Education - Division of Valencia City
Office Address: Lapu-lapu Street, Poblacion, Valencia City 8709
Telefax: (088) 828-4615
Website: deped-valencia.org

4

# Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan

## Quarter 1 - Modyul 9:

## Week 5: Plano sa Tuloy-tuloy na Pagpapatubo ng Halamang Ornamental (Agrikultura)

Ang kagamitan sa pagkatutong ito ay magkatuwang na inihanda at sinuri ng mga guro mula sa mga pampublikong paaralan. Hinihikayat naming ang ibang nasa larangan ng edukasyon na mag-email ng kanilang puna, komento at rekomendasyon sa Kagawaran ng Edukasyon sa region10@deped.gov.ph.

**Lubos naming pinapahalagahan ang inyong mga puna at rekomendasyon.**

**Kagawaran ng Edukasyon • Republika ng Pilipinas**

## *Panimula*

Ang Modyul na ito ay inilahad upang maibahagi sa mga mag-aaral ang kahalagahan ng pagpaplano ng patuloy na pagpapatubo at pagtatanim ng mga halamang ornamental.

Layunin ng araling ito na matutunan ng mga mag-aaral ang tamang pagpaplano ng paghahalaman at nanaising maisabuhay ang matututunan dito.



***Mga tala para sa Guro***

- Gawing kawili-wili at makabuluhan ang bawat pahina sa pagsagot;
- Gabayan ang mga mag-aaral sa pag-unawa sa bawat panuto upang lubos na maintindihan ang bawat gawain.



## *Alamin*

Mga layunin sa pagkatuto:

1. Naipamalas ang pang-unawa sa kaalaman at kasanayan ng pagtatanim ng halamang ornamental bilang isang gawaing pagkakakitaan.


2. Nakakagawa ng plano ng patuloy na pagpapatubo ng halamang ornamental bilang pagkakakitaang gawain.


## *Paano matuto sa Modyul na ito:*

Upang makamit ang layunin na inilalahad sa itaas, gawin ang mga sumusunod mna hakbang:

- Basahin at unawain nang mabuti ang aralin.
- Sundin at gawin ang inilalahad na panuto sa bawat pagtataya at pagsasanay.
- Sagutin ang lahat na pagtataya at pagsasanay.
- Isaisip at isapuso ang iyong natutunan.

## *Icons sa Modyul na ito*

| | | |
|---|---|---|
|  | Alamin | Ang bahaging ito ay naglalaman ng layunin sa pagkatuto na inihanda upang maging gabay sa iyong pagkatuto. |
|  | Subukin | Ito ay mga pagsasanay na sasagutin upang masukat ang iyong dating kaalaman at sa paksang tatalakayin |
|  | Balikan | Ang bahaging ito ay may kaugnayan sa nakaraang aralin at sa iyong bagong matututunan |
|  | Tuklasin | Ipakikilala ang bagong aralin sa pamamagitan ng gawaing pagkatuto bago ilahad ang paksang tatalakayin |
|  | Suriin | Ito ay pagtatalakay sa pamamagitan ng gawain sa pagkatuto upang malinang ang iyong natuklasan sa pag-unawa sa konsepto. |
|  | Pagyamanin | Ito ay mga karagdagang gawain na inihanda para sa iyo upang ikaw ay magiging bihasa sa mga kasanayan. |
|  | Isaisip | Mga gawaing idinisenyo upang maproseso ang inyong natutunan mula sa aralin. |
|  | Isagawa | Ito ay mga gawaing dinisenyo upang maipakita ang iyong mga natutunan na kasanayan at kaalaman at ito ay magamit sa totoong sitwasyon. |
|  | Tayahin | Ang pagtatasang ito ay ginamit upang masusi ang inyong antas ng kasanayan sa pagkamit ng layunin sa pagkatuto |
|  | Karagdagang Gawain | Ito ay mga karagdagang gawaing pagkatuto na dinisenyo upang mas mahasa ang iyong kasanayan at kaalaman. |



## *Subukin*

**Panuto:** Tama o Mali. Ilagay ang **TAMA** sa hanay kung ang pangungusap ay tama at lagyan naman ng **MALI** kung ito ay mali.

| **Pangungusap** | |
|---|---|
| 1. Ang rosas ay itinatanim ng January 6 – 8. | |
| 2. Itinatanim sa buwan ng Disyembre ang palmera at sampaguita. | |
| 3. Ang mga halamang dahon na santan at San Francisco ay itinatanim sa buwan ng Hunyo. | |
| 4. Sa mga buwan ng Nobyembre at Enero ay maaaring magtanim ng mga bulaklak na Gumamela at Mirasol | |
| 5. Ang Five-Fingers ay itatanim sa buwan ng Abril. | |
| 6. Kailangan ang lupa ay *loam soil* upang tumubo at lumusog ang mga pananim | |
| 7. Kinailangan ng masusing pagpaplano ang pagtatanim ng mga halaman. | |
| 8. Alamin ang uri ng mga tanim na tutubo sa lugar na pagtatamnan, at kung kalian ito dapat itanim at anihin. | |
| 9. Pagkatapos ng pagtatanim ay maaari na itong pabayaan hanggang sa ito ay dapat nang anihin. | |
| 10. Kapag makapagdesisyong gumawa ng proyektong taniman ay hindi dapat isipan kung may pakinabang na makukuha rito o wala. | |

# Aralin 1

# Plano sa Tuloy-Tuloy na Pagpapatubo ng Halamang Ornamental

Maraming mga bagay ang dapat nating isaalang-alang kapag pumili ng proyektong gagawin. Sa leksyong ito ay matututunan natin ang kahalagahan ng pagpaplano para sa ikauunlad ng ating pagtatanim ng mga halamanang ornamental bilang pagkakakitaang gawain.



## *Balikan*

***Panuto:*** Kumpletuhin ang talaan na ginawa nina Jake at Jackelyn sa kanilang nagastos, presyo ng pinagbilhan at kita sa kanilang "UP Flower Shop".

| **Paninda** | **Dami** | **Kabuuang puhunan** | **Halaga ng paninda (Bawat isa)** | **Halaga ng Pinagbilhan (kabuuan)** | **Kita o tubo** |
|---|---|---|---|---|---|
| Rosas | 10 paso | ₱800.00 | ₱300.00 | ₱3,000.00 | |
| Sampaguita | 10 paso | ₱450.00 | ₱280.00 | ₱2,800 | |
| Gumamela | 15 paso | ₱950.00 | ₱420.00 | ₱6,300 | |

| | |
|---|---|
| Halaga ng kabuuang Pinagbilhan | ₱12,100.00 |
| Halaga ng kabuuang Puhunan | |
| **Kabuuang kita o tubo** | |



## *Tuklasin*

Panuto: Sagutin ang mga sumusunod na tanong gamit ang mga halamang nasa itaas.

1. Ano-ano ang mga Halamang namumulaklak?

2. Ano-ano ang mga halamang palumpong?

3. Ano-ano ang mga halamang dahon?

4. Sa pagpaplano ng pagpapatubo ng mga halamang ornamental, ano ang kinailangan nating isa alang-alang?

5. Sa iyong palagay, bakit kinailangang iakma ang pagtanim ng mga halamang patutubuin sa tama o wastong okasyon?

May mga bagay na bagay na dapat isaalang-alang sa paggawa ng taniman. Kailangan ang masusing pagpaplano. Kasama na rito ay ang sumusunod: uri ng lupa, lugar na pagtataniman, laki ng taniman, mga kagamitan at panustos ng abono, kemikal na pamatay peste tulad ng mga kulisap, at mga gamut sa pagpuksa ng mikrobyo tulad ng bakterya at fungus na sanhi ng sakit ng mga halaman.

Kapag makapagdesisyong gumawa ng proyektong taniman, dapat ding pag-isipan kung may pakinabang na makukuha rito. Dapat tiyakin na madaling makukuha o mabili ang mga materyales na gagamitin. Alamin ang uri ng mga tanim na tutubo sa lugar na pagtatamnan, at kung kalian ito dapat itanim at anihin.

Talaan ng mga Tanim

| **Halamang namumulaklak** | **Halamang Dahon** | **Halamang Palumpong** |
|---|---|---|
|  Rosas |  Santan |  Palmera |
|  Gumamela |  San Francisco |  Sampaguita |

Talaan ng pagtatanim at pag-aani

| **Pangalan ng Halaman** | **Petsa ng Pagtatanim** | **Petsa ng Pag-aani** |
|---|---|---|
| **Halamang namumulaklak** | | |
| Rosas<br>Gumamela<br>Mirasol | January 6 – 8<br>December 7 – 10<br>November 14 – 16 | February 11 – 12<br>March<br>February 11-13 |
| **Halamang Dahon** | | |
| Santan<br>San Francisco<br>Pako<br>Five-Fingers | October 20 – 24<br>November 27 – 30<br>November 20 - 24 | January<br>March<br>March |
| **Halamang palumpong** | | |
| Palmera<br>Adelfa<br>Sampaguita | December 23 – 26<br>February<br>December | February<br>June<br>February |



## *Suriin*

Panuto: Alamin ang mga bagay na dapat isaalang-alang sa pagsasagawa ng taniman ng halamang ornamental. Pumili ng tamang sagot sa loob ng kahon at ilagay ang titik nito sa patlang.

| | |
|---|---|
| A. lugar na pagtataniman | C. Uri ng lupa |
| B. Laki ng taniman | D. mga kagamitan panustos |

_____ 1. Kailangan ang lupa ay *loam soil* upang tumubo at lumusog ang mga pananim.

_____ 2. Pumili ng isang lugar na angkop sa mga halamang ornamental.

______3.katamtamang laki ng halaman upang mapamahalaan itong mabuti.

______4. pambili ng abono, kemikal na pamatay peste tulad ng mga kulisap at mga gamut sa pagpuksa ng mga mikrobyo



## *Pagyamanin*


**Panuto:** Lagyan ng ☆ kung tama o mali ang pangungusap.

| Sitwasyon | Tama | Mali |
|---|---|---|
| 1. Kailangan nating isaalang-alang kung saan at kailan ipagbibili ang ating mga produktong halaman. | | |
| 2. Dapat tiyaking ang mga produktong halaman ay kawili-wili sa paningin ng mga mamimili. | | |
| 3. Magtanim ng halamang ordinaryo lamang para ibenta. | | |
| 4. Sa pagpaplano ng pagtatanim ng ornamental ay dapat paghandaan ang mg darating na okasyon gaya ng pasko, kaarawan araw ng mga patay, kasal, araw ng mga puso at araw ng mga ina. | | |
| 5. Magtanim ng mga halamang ornamental sa gusto mong klase kahit anong oras o buwan. | | |



## *Isaisip*

Upang magtagumpay sa anumang gawain ay nangangailangan ng masusing pagpaplano. Ang pagpaplano ay isang paraan upang maisagawa ng maayos at mabilis ang isang gawain. Ang pagkakaroon ng plano ay nakatulong upang makatipid ng pera, oras, kagamitan, at lakas.



## *Isagawa*

**Panuto:** Gawin ang pagpaplano kung kailan itatanim at aanihin ang mga halamang ornamental bilang gawaing pagkakakitaan sa itatayong flower shop. Kumpletuhin ang talaan sa pagpili ng mga itatanim, pagtatanim at petsa ng pag-aani na naaayon sa mga buwan ng puso,*graduation* at araw ng mga patay.

| Pangalan ng Halaman | Petsa ng Pagtatanim | Petsa ng Pag-aani |
|---|---|---|
| **Halamang namumulaklak** | | |
| | | |
| **Halamang dahon** | | |
| | | |
| **Halamang palumpong** | | |
| | | |

## *Tayahin*

**Panuto:** Tama o Mali. Ilagay ang **TAMA** sa hanay kung ang pangungusap ay tama at lagyan naman ng **MALI** kung ito ay mali.

| **Pangungusap** | |
|---|---|
| 1. Pagkatapos ng pagtatanim ay maaari na itong pabayaan hanggang sa ito ay dapat nang anihin. | |
| 2. Kinailangan ng masusing pagpaplano ang pagtatanim ng mga halaman. | |
| 3. Ang mga halamang dahon na santan at San Francisco ay itinatanim sa buwan ng Hunyo. | |
| 4. Alamin ang uri ng mga tanim na tutubo sa lugar na pagtatamnan, at kung kalian ito dapat itanim at anihin. | |
| 5. Ang Five-Fingers ay itatanim sa buwan ng Abril. | |
| 6. Kailangan ang lupa ay *loam soil* upang tumubo at lumusog ang mga pananim | |
| 7. Kapag makapagdesisyong gumawa ng proyektong taniman ay hindi dapat isipan kung may pakinabang na makukuha rito o wala. | |
| 8. Sa mga buwan ng Nobyembre at Enero ay maaaring magtanim ng mga bulaklak na Gumamela at Mirasol | |
| 9. Ang rosas ay itinatanim ng January 6 – 8. | |
| 10. Itinatanim sa buwan ng Disyembre ang palmera at sampaguita. | |



## *Karagdagang Gawain*

Panuto: Magtala ng mga halamang ornamental na maaaring itanim at pagkakitaan. Alalahanin na dapat ay bigyan mo ng pansin ang mga halamang gusto ng nakararami sa pagpili ng mga itatanim. Gumawa ng iyong talaan sa mga halamang ornamental na iyong napili kung anong petsa itatanim at aanihin.

| **Pangalan ng Halaman** | **Petsa ng Pagtatanim** | **Petsa ng Pag-aani** |
|---|---|---|
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |

# Answer Key

| Subukin |
|---|
| 1. Tama |
| 2. Tama |
| 3. Tama |
| 4.. Mali |
| 5. Mali |
| 6. Tama |
| 7. Tama |
| 8. Tama |
| 9. Mali |
| 10. Mali |

| Balikan |
|---|
| 2,200.00 Kita o Tubo |
| 2,350.00 Kita o Tubo |
| 5,350.00 Kita of Tubo |
| 2,200.00 kabuuang puhunan |
| 9,900.00 Kabuuang Kita o Tubo |

| Tuklasin |
|---|
| Rosas at Gumamela |
| Palmera at Sampaguita |
| San Francisco at Santan |
| Ang mga okasyon |
| (Ang sagot ay nakadepende) |

| Suriin |
|---|
| 1. c |
| 2. a |
| 3. b |
| 4. d |

| Pagyamanin |
|---|
| 1.Tama |
| 2.Tama |
| 3.Mali |
| 4.Tama |
| 5.Mali |

| Tayahin |
|---|
| 1. Mali |
| 2. Tama |
| 3. Msli |
| 4.. Tama |
| 5. Mali |
| 6. Tama |
| 7. Mali |
| 8. Tama |
| 9. Tama |
| 10. Tama |

## *Sanggunian:*

Department of Education. Most Essential Learning Competencies 2020.

Kagawaran ng Edukasyon. 2015. Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan 4- Kagamitan ng Mag-aaral. Pahina. 395 – 398.

Kagawaran ng Edukasyon. 2015. Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan 4- Gabay sa Pagtuturo. Pahina 171 – 173.

For inquiries and feedback, please write or call:

Department of Education – Division of Valencia City

Lapu - Lapu Street, Poblacion, Valencia City 8709

Telefax: (088) 828 - 4615